

## HANDA NA BA KAYO?

Lahat tayo ay umaasa sa koryente sa ating pang-araw-araw na buhay. Upang nakahanda sa mga pagkawala ng kuryente para sa kaligtasang pampubliko, narito ang ilang bagay na mapagiisipan ninyo:

### Mga batayan sa pagpaplano

**Mag-update ng inyong impormasyon sa pagkontak** or mga kagustuhan sa pagkontak by visiting [pge.com/mywildfirealerts](https://pge.com/mywildfirealerts) or calling **1-866-743-6589**.

**Gumawa o muling punuan ang inyong emergency kit** ng mga flashlight, baterya, mga panustos ng first aid kit at pera.

**I-charge ang mga aparatong** inaasahan ninyo sa pang-araw-araw na gamit gaya ng mga cell phone at laptop.

**Magsanay** ng mano-manong pagbukas ng pintuan ng inyong garahe.

### Pagpaplano para sa mga kostumer na umaasa sa mga kagamitang de-koryente o de-baterya

**Magplano para sa mga kailangang medikal** tulad ng gamot na kinakailangang mailagay sa refrigerator o kasangkapan na nangangailangan ng koryente.

**Tiyakin na anumang mga mapagkukunan ng backup na kuryente ay nakahanda na at ligtas** paganahin, at basahin ang mga payo ng kaligtasan sa [pge.com/backupgeneration](https://pge.com/backupgeneration).

**Suriin ang mga aparato ninyo kapag naibalik na ang koryente** upang matiyak na hindi nagbago ang mga setting nito dahil puwedeng mag-reset ang mga kagamitan kapag nawala ang koryente.

**Kakailanganin ba ninyo ang karagdagang tulong sa panahon ng pagpatay ng kuryente?** Bisitahin ang California Foundation for Independent Living Centers sa [disabilitydisasteraccess.org](https://disabilitydisasteraccess.org) kung kayo o may kakilala kayong umaasa sa koryente para sa pangangailangang medikal o malayang pamumuhay.



Sundan kami sa:



Pacific Gas and Electric Company  
P.O. Box 997320  
Sacramento, CA 95899



## MAGHANDA NGAYON PARA SA PANAHON NG MABILIS KUMALAT NA SUNOG



Para sa suportang nakasalin sa mahigit na 200 karagdagang wika, pakikontak ang PG&E sa **1-866-743-6589**.

Mga karagdagang booklet ay maaaring i-download sa Ingles, Espanyol, Tsino, Biyetnames, Koreano, Tagalog, Ruso, Arabic, Punjabi, Farsi, Hapones, Khmer at Himong sa [pge.com/psps](https://pge.com/psps).

Ilan sa mga hakbang na kasama sa dokumentong ito ay inilaan upang makadagdag na mga hakbang sa pag-iingat upang mabawasan pa ang panganib sa mabilis kumalat na sunog. Ang "PG&E" ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang subsidiyaryo ng PG&E Corporation. ©2020 Pacific Gas and Electric Company. Nakareserba ang lahat ng karapatan. CCC-0820-2816. 09/02/2020.



# PAGPATAY NG KORYENTE PARA SA KALIGTASANG PAMPUBLIKO

## Mas Maliit Mas Maikli Mas Makatuwiran

## Mga Pagkawala ng Koryente para sa Kaligtasang Pampubliko

Para mapanatiling ligtas ang inyong komunidad, maaaring kailanganing patayin ang koryente upang mabawasan ang panganib ng mabilis kumalat na sunog kapag may matinding lagay ng panahon.

Tinatawag itong Pagpatay ng Koryente para sa Kaligtasang Pampubliko (PSPS).

Gayon mang walang nag-iisang dahilan ang Pagpatay ng Koryente para sa Kaligtasang Pampubliko, ilan sa mga sanhi nito ay ang:



**Isang Red Flag Warning (mataas ang panganib ng sunog)** na ipinahayag ng National Weather Service



**Mababang antas ng kahalumigmigan (humidity)**, karaniwang 20 porsiyento at pababa



**Nakatuong patuloy na lakas ng hangin** na higit sa 25 mph **at bugso ng hangin** na lagpas sa mga 45 mph



**Kondisyon ng tuyong pangatong** sa landas at buhay na halaman (halimbawa: halumigmig ng halaman)



**Sa mismong pook, aktuwal na oras na mga pagmamasid**

**Alamin ng Higit Pa** | Para sa mga pinakabagong ginagawa ng PG&E para sa kaligtasan sa mabilis kumalat na sunog, pakibisita ang [pge.com/wildfiresafety](https://pge.com/wildfiresafety).

# Paano binabawasan ng PG&E ang epekto sa mga kostumer ng mga pangyayaring PSPS ?

Habang ang pagpatay ng koryente ay nakakahadlang ng mga sunog na mabilis kumalat, maaari din itong makaabala ng mga buhay at may kasamang ring panganib.

## Kaya ginagawa ng PG&E ang mga pangyayaring PSPS upang ang mga ito ay:

- MAS MALIIT ANG LAWAK**  
Pakontiin ang dami ng maaapektohang kostumer nang sangkatlo kumpara sa 2019.
- MAS MAIKLI ANG TAGAL**  
Pagkumbalik ng koryente sa mga kostumer sa loob ng 12 oras na araw pagkatapos lumipas ang matinding panahon.
- MAS MAKATUWIRAN PARA SA MGA KOSTUMER**  
Pagbibigay ng mas tiyak at maagap na komunikasyon at karagdagang mapagkukunan ng tulong o impormasyon ng mga kostumer.

## PAANO NINYO MALALAMAN ANG TUNGKOL SA MGA PANGYAYARING PSPS O PAGPATAY NG KORYENTE?


Magbibigay ng mga panawagan ang PG&E nang maaga ng dalawang araw, isang araw at ilang sandali bago patayin ang koryente, kung maaari. Ang mga paunawa ay ipapadala sa pamamagitan ng mga **tawag sa telepono, text o emails at kasama nito ang tinatayang oras ng pagbabalik ng koryente.**

Ang mga kostumer sa **Medical Baseline** ay maaaring ipabatid sa amin na natanggap nila ang aming mga paunawa sa pamamagitan ng **pagsagot sa telepono o sa aming mga text.**

Gagamitin din namin ang **pge.com, social media** at ipapaalam sa mga **lokal na balita, mga istasyon ng radyo** at **mga organisasyon ng komunidad.**

# Ang mga linya ng koryente ay tumatakbo ng malayong distansiya

Maaaring kailangang patayin ang buong linya kapag may matinding panahon na makakaapekto ng anumang bahagi nito. Kapag apektado ang linyang nagseserbisyo sa inyo, maaaring patayin ang koryente, kahit na hindi malakas ang hangin sa inyong tahanan.



## ANO ANG DAPAT NINYONG GAWIN KAPAG NAKATANGGAP NG ULAT TUNGKOL SA ISANG PSPS O (PAGPATAY NG KORYENTE)?

Abangan ang aming mga paunawa at **sagutin ang telepono at mag-hello o sumagot ng "1" sa aming mga text** para malaman naming natanggap ninyo ang aming mga paunawa.

Pumunta sa [www.lacare.org](http://www.lacare.org) [pge.com/pspsupdates](http://pge.com/pspsupdates) para sa karagdagang tungkol sa:

- Kung maaapektuhan ang address/tahanan ninyo
- Aling mga pook at county ang puwedeng maapektuhan
- Kailan maibabalik ang koryente
- Saan Community Resource Centers (Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Impormasyon o Tulong sa Komunidad (CRC)) are located in your area
- Mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon para makapaghandang kayo

## SAAN KAYO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

**PAG-UULAT NG LAGAY NG PANAHON AT NG PSPS**  
Live weather information, kasama ang 7-araw na malamang na lagay ng PSPS. [pge.com/weather](http://pge.com/weather)

**BACKUP POWER**  
Mga opsiyon ng karagdagang koryente, mga payo sa pagiging ligtas, impormasyon sa pinansiya at bentahang retail. [pge.com/backuppower](http://pge.com/backuppower)

**SENTRO NG GAWAING LIGTAS**  
Impormasyon tungkol sa panganib ng sunog ng mabilis kumalat na sunog at kahandaan sa isang emerhensiya. [safetyactioncenter.pge.com](http://safetyactioncenter.pge.com)

**MGA ULAT BATAY SA ZIP CODE**  
Mag-patala ng mga paunawa galing sa PG&E kahit wala kayong account. [pge.com/pspszipcodealerts](http://pge.com/pspszipcodealerts)

## Impormasyon sa pagkontak sa isang emerhensiya

Tawagan agad ang 911 kapag may pangyayaring emerhensiyang medikal.

▶ <b>Pinakamalapit na Ospital:</b>
Numero ng Telepono:
▶ <b>Doktor ng Pamilya:</b>
Numero ng Telepono:
▶ <b>Numero ng Telepono ng Lokal na Istasyon ng Pulis:</b>
▶ <b>Apilyido ng Miyembro ng Pamilya:</b>
Numero ng Telepono:
▶ <b>Pangalan ng Kapitbahay:</b>
Numero ng Telepono:
▶ <b>Pook na Pagkikita sa Oras ng Emerhensiya:</b>

Lumikha ng inyong sariling plano para sa matinding lagay ng panahon. Panatiliing nakahanda ang listahan sa itaas para sa alinmang sitwasyong emerhensiya na maaaring mangyari. Alamin kung saan nakalagay ang emergency kit at panatiliing ito ay laging bago.

Tiyakin na ipaalam sa amin na natanggap na ninyo ang aming mga paunawa sa pamamagitan ng:

<b>PAGSAGOT SA MGA TAWAG SA TELEPONO MULA SA:</b> 1-800-743-5002	<b>PAGSAGOT SA MGA TEXT MULA SA:</b> 976-33
---	--

**PAGBUBUKAS NG MGA EMAIL MULA SA:**  
[PGECustomerService@notifications.pge.com](mailto:PGECustomerService@notifications.pge.com)

**PAYO:** Isulat sa inyong telepono ang numerong pang emerhensiya ng PG&E.

Gupitin ito at ipaskil sa nakikitang lugar.